

**County ng Santa Clara**  
**Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan**

Opisyal ng Pangkalusugan  
976 Lenzen Avenue, 2<sup>nd</sup> Floor  
San Jose, CA 95126 408.792.3798



**ANG KAUTUSAN NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN  
SA COUNTY NG SANTA CLARA AY NAG-UUTOS NA ANG LAHAT NG MGA  
PASILIDAD NG HEALTH CARE SA SANTA CLARA COUNTY NA  
KAILANGANIN ANG LAHAT NG MGA MANGGAGAWA SA HEALTHCARE  
NA TUMANGGAP NG TAUNANG PAGPAPABAKUNA SA INFLUENZA O,  
KUNG SILA AY TUMANGGI, AY MAGBIGAY NG NILAGDAANG  
PAGTANGGI NANG HINDI LALAMPAS SA OKTUBRE 31**

**PETSA NG KAUTUSAN: Septyembre 4, 2020**

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG KODIGONG PANGKALUSUGAN AT PANGKALIGTASAN NG CALIFORNIA SEKSYON 101040, 101085, AT 120175, ANG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN NG COUNTY NG SANTA CLARA ("OPISYAL NG PANGKALUSUGAN") AY NAG-UUTOS:

1. Ang lahat ng mga lisensyadong ospital ng acute care, mga pasilidad ng skilled nursing, mga pasilidad ng long-term care, at mga klinika ng outpatient (kung ipagsama, "Mga Pasilidad ng Healthcare") ay dapat magpatupad ng isang programa na kailanganin na makatanggap ng taunang pagpapabakuna sa influenza ang kanilang Manggagawa sa Healthcare sa o bago ng Oktubre 31 bawat taon o, kung tanggihan nila dahil sa anumang kadahilanan, kailangan nila magbigay ng isang nilagdaang pagtangga.
2. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang "Manggagawa ng Healthcare" ay nangangahulugan sa lahat ng tao, bayad at hindi nabayaran, full-time o part-time, mga empleyado o kontratista, na direktang nakikipagsalamuha sa pasyente o nagtatrabaho sa mga lugar na nag-aalaga ng pasyente sa isang Pasilidad ng Healthcare.
3. Pansamantalang pinapalitan nitong Kautusan ang paunang mga kautusan ng opisyal ng pangkalusugan para sa mandatoryang pagpapabakuna sa influenza o pagsuot ng panakip sa mukha ng mga Manggagawa sa Healthcare at nalalapat hanggang matapos ang Emergency sa Pamublikong Pangkalusugan na may kaugnayan sa COVID-19.
4. Ang lahat ng mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat magpatupad ng pagsunod sa mga kinakailangan ng estado at lokal tungkol sa pagtakip sa mukha para sa lahat ng mga Manggagawa sa Healthcare at mga bisita sa mga Pasilidad ng Healthcare.
5. Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat magbigay ng isang report sa Opisyal ng Pangkalusugan sa Nobyembre 15, 2020 tungkol sa porsyento ng mga Manggagawa sa Healthcare na nakapagpabakuna sa influenza at porsyento ng mga manggagawa na nagsumite ng isang nilagdaang pagtangga. Ang report ay dapat isumite sa sumusunod na email address: [ccphp@phd.sccgov.org](mailto:ccphp@phd.sccgov.org).
6. Ang Kautusang ito ay inilabas batay sa lubos na nakakahawang katangian ng influenza at ang mga panganib na dinudulot nito sa sistema ng paghahatid ng healthcare dahil sa posibleng sabay na epekto ng mga impeksyon ng influenza at COVID-19. Ang influenza ay nagreresulta sa

pagitan ng 24,000,000 at 45,000,000 mga karamdaman, 280,000 at 810,000 ang naospital, at 23,000 at 61,000 na kamatayan taun-taon sa

Lupon ng mga Superbisor: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Dave Cortese, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian Ehekutibo ng County: Jeffrey V. Smith

Estados Unidos sa panahon ng influenza mula pa noong 2012-2013. <sup>1</sup> Ang mga Manggagawa sa Healthcare na hindi nagpapabakuna ay nanganganib sa karamdaman ng influenza, maaaring magkalat ng virus sa kanilang mga pasyente at kasamahan sa trabaho, at maaaring makadagdag sa pagkalat nito sa komunidad.

7. Ang influenza at SARS-CoV-2 (ang virus na sanhi ng COVID-19) ay kapwa magkakalat sa Santa Clara County sa mga buwan ng taglagas at taglamig. Ang pagpapabakuna sa mga Manggagawa sa Healthcare laban sa influenza ay nagpapabawas ng mga impeksyon at ang paging absent sa trabaho, na nakakatulong laban sa pagbawas sa kapasidad ng sistema ng healthcare na magreresulta mula sa mga nahawaang mga Manggagawa sa Healthcare at ang pagtaas ng pagkalat ng influenza sa mga Pasilidad ng Healthcare. Mahalaga na ang bilang ng pagpapabakuna sa influenza partikular sa mga Manggagawa sa Healthcare at sa komunidad sa pangkabuuan ay mataas hangga't maaari upang maiwasan ang pagkalat ng influenza at magamit ang iba pang mga mapagkukunan ng healthcare at pampublikong pangkalusugan na nakatuon sa pag-iwas, pagpabagal, at paggamot sa COVID-19.
8. Dahil sa pinagsamang mga panganib ng influenza at COVID-19, itong Kautusan ay inilabas alinsunod sa, at isinasama, ang Proklamasyon ng Emergency sa Estado na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom noong Marso 4, 2020, ang Kautusan ng Ehekutibo (Kautusan ng Ehekutibo N-25-20) na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom noong Marso 12, 2020, ang Deklarasyon ng Emergency sa Pang-lokal na Pangkalusugan Tungkol sa Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) na inilabas noong Pebrero 3, 2020 ng Opisyal ng Pangkalusugan, ang Proklamasyon ng Emergency na Pang-lokal na inilabas ng Direktor ng Emergency Services ng County noong Pebrero 3, 2020, ang Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara na Nagpapatibay at Nagpapalawak ng Deklarasyon ng Emergency sa Pang-lokal na Pangkalusugan, noong Pebrero 10, 2020, ang Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara na Nagpapatibay at Nagpapalawak ng Proklamasyong ng Emergency na Pang-lokal, at patnubay na inilabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California, noong Pebrero 10, 2020, na bawat isa sa kanila ay nadagdagan at maaaring madagdagan.
9. Ang Kautusang ito ay magiging epektibo sa 12:01 a.m. ng Setyembre 8, 2020 at magpapatuloy ang bisa nito hanggang sa ito ay inalis, napalitan, o binago ng kasulatan ng Opisyal ng Pangkalusugan, o sa pagwawakas ng emergency sa pang-lokal na pangkalusugan na nauugnay sa COVID -19, alinman ang mas maaga. Sa pagwawakas ng emergency sa pang-lokal na pangkalusugan na nauugnay sa COVID-19, ang mga paunang utos ng Opisyal ng Pangkalusugan na nauugnay sa pagpapabakuna sa influenza sa mga Manggagawa sa Healthcare ay hindi na masuspinde at sila ay magkakabisa.
10. Ang mga kopya ng Kautusang ito ay dapat kaagad na: (1) makuha sa Sentro ng Gobyerno ng County sa 70 W. Hedding Street, San Jose, California; (2) mai-post sa website ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ([www.sccphd.org](http://www.sccphd.org)); at (3) maibigay sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng kopya ng Kautusang ito.

//

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County  
Tungkol sa Pagpapabakuna sa Influenza  
sa mga Manggagawa sa Healthcare ng mga Pasilidad ng Healthcare

//

---

<sup>1</sup> <https://www.cdc.gov/flu/about/burden/index.html>

11. Kung mawala ang bisa ng anumang probisyon sa Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o anumang pangyayari, ang natira sa Kautusan, kasama ang aplikasyon nito o probisyon sa ibang tao o pangyayari, ay hindi maaapektuhan at patuloy na pinapatupad at patuloy ang bisa nito. Hanggang dito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay severable (manatiling mabisa kahit hindi nasunod o nawala ang bisa ng isang bahagi nito).

**ITO AY INIUTOS:**

Petsa: \_\_\_\_\_

---

Opisyal ng Pangkalusugan  
ng County ng Santa Clara

Inaprubahan bilang sa anyo at legalidad:

Petsa: \_\_\_\_\_

---

R. Williams  
Tagapayo ng County